`

# Karangalan at Paggalang sa Pagsamba

**A Lord's Flock General Assembly Topic**

**Ni: Fr. Alex Balatbat**

**Abril 1, 2023**

Bakit tayo nagsisimba tuwing Linggo? Bakit tayo dumadalo sa papuri at pagsamba tuwing Sabado? Ilang oras ba ang ibinibigay natin sa Panginoon? Sapat na ba ang isa o dalawang oras? Pinangunahan ng Diyos ang pagbibigay ng lahat-lahat. Ibinigay Niya ang Kanyang 100% sa atin, at mula sa Kanya tayo ay natutong magbigay. Dagdag pa nito, ang pagdalo sa misa ay isang pagdiriwang at isang pag-aalay. Hindi tayo hinihingan ng Diyos na mag-alay ng marami, ngunit Siya ay humihiling na ialay ang LAHAT sa atin (Lucas.10:27). Narito tayo upang sumamba at magdiwang kasama ang bawat isa. Kaya naman, ang ganap na pagsamba ay mararanasan lamang ang kadalisayan nito kung matutunan ng puso na ialay ang lahat. Totoo nga na sa pagsasama-sama natin, matutupad ang plano ng Diyos sa ating buhay.

**Kahalagahan ng Karangalan & Paggalang sa Pagsamba**

**1. Makinig tayong mabuti nang buong puso.** Hindi nagkulang ang Panginoon sa pagbigay sa atin ng Kanyang buong oras dahil sa tuwing nakikita Niya tayo, puno Siya ng galak dahil alam Niya ang ating kuwento (Mga Gawa 17:27). Alam din Niya ang bilang ng mga hibla ng ating buhok (Mt. 10:26-31). Makipag-usap tayo nang masinsinan sa Kanya. Siya ang pinakamahalaga sa ating buhay.

**2. Hinihiling sa atin ng Diyos na ialay ang lahat. "Ibigin ang Panginoon mong Diyos nang buong puso, nang buong kaluluwa, nang buong lakas, at nang buong pag-iisip" (Lucas 10:27).** Aminin natin, marami tayong kakulangan sa buhay na hindi natin kayang hawakan. Kaya naman kailangan natin ang Diyos sa pagharap sa ating mga hamon o pagdaig sa ating kahihiyan. Dapat nating italaga sa Diyos ang ating mahahalagang oras at lahat ng nasa puso natin. Kaya naman, humanap tayo ng pagkakataong makapaglingkod sa Kanya.

3. **Ang pagsamba ay hindi gawaing mag-isa.** Hindi kumpleto ang ating buhay kung hindi tayo makarating dito (lugar ng pagsamba).Magkakasama tayong mag-alay sa Diyos ng ating tuwa at luha, ang ating hirap at galak.

**3.1 Ang pagsamba ay pagtingin sa isang direksyon. Sama-sama tayong tumingala sa Diyos.**
Ituon natin ang ating atensyon sa Panginoon araw-araw. Nang naglalakad si Pedro sa tubig, nawala ang pokus niya sa Diyos dahil naibaling niya ang kanya pansin sa malakas na hangin (Mt. 14:22-33). Balikan natin ang ating mga puso. Bakit hindi natin mabigyan ng atensyon ang Diyos? Bakit tayo nababalisa? Bakit hindi tayo natatahimik? Iniisip natin ang maraming trabahong kailangan nating tapusin. Italaga natin sa Diyos ang mga bagay na hindi natin maintindihan. Hingin natin sa Kanya ang biyayang hangad ng ating puso, kaluluwa, at isip.

**3.2 Narito tayo upang manalangin. Hindi para kontrolin ang Diyos.** Manalangin tayo hanggang mapayapa ang ating puso (Rom. 16:20). Sa kabilang banda, ang Diyos ay nag-aalok ng pag-ibig at kapayapaan dahil mahalaga tayo sa Kanya (Mateo 11:28-30). Inialay Niya hindi lamang ang Kanyang oras, kundi ang Kanyang buhay (Juan 3:16).

**Konklusyon:**
Hayaan nating mahalin tayo ng Diyos. Sa pagpayag lamang na mahalin Niya tayo ay maipapakita natin na mahal natin ang Diyos gaya ng pagmamahal Niya sa atin. Kailangan nating humingi ng tawad, asahan natin patatawarin Niya tayo at lilinisin Niya ang lahat ng ating kasamaan sapagkat Siya'y matuwid (1 Juan 1:9). Bilang karagdagan, ipinapa-alala muli sa atin sa Semana Santa na ibinigay Niya ang lahat sa atin. Ihanda natin ang ating puso sa pagtanggap sa biyaya ng Diyos at maghanap ng pagkakataong maglingkod sa Kanya.

**Pagninilay:**

1.Ilang oras ang inilalaan mo sa pagbigay ng iyong buong atensyon sa Panginoon?

2. Naniniwala ka ba na kapiling ninyo si Hesus tuwing kayo ay sama-sama?

3. Masaya ka ba na nandito ngayong gabi?
O, nagmamadali kang umuwi?

**Isinalin Ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni:** Sis. Nida A. Cruz
For more Teachings, visit our https://lordsflock.org/teachings/Digests
Tags: #Pagsamba, #Papuri